ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIV Blg. 15
Agosto 7, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Makibaka at bawiin ang mga karapatang pang-ekonomya at panlipunan

Mabilis na sumasadsad ang antas ng buhay ng mayorya ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Marcos. Subsob sa kahirapan at sagad na ang paghihigpit ng sinturon ng milyun-milyong pamilya. Pababa nang pababa ang kalidad ng buhay. Kulang na kulang ang panggastos sa pagkain at iba pang pangangailangan.

Labis-labis na ang pagtitiis nila sa pagdurusang bunga ng walang-awat na pagsirit ng presyo ng langis, pagkain, pamasahe, bayaring tubig at kuryente at iba pang mga gastusin sa araw-araw. Dagdag pa sa kanilang pagdurusa ang malaking pinsala sa buhay, mga bahay at kabuhayan na resulta ng malawakang mga pagbaha sa nagdaang mga linggo. Hindi na makaagapay ang masang anakpawis dahil kulang na kulang ang sahod, walang lupa at hanapbuhay, habang walang-awat ang pangangamkam ng lupa at pag-agaw sa kanilang kabuhayan at pinagkakakitaan.

Dapat tuwirang papanagutin ng sambayanang Pilipino ang rehimeng Marcos sa mabilis na pagsadsad ng antas ng kanilang buhay. Ang patuloy na pagpaimbulog ng mga presyo ay tuwirang epekto ng mga patakarang neoliberal ng rehimeng Marcos. Sinisira lalo ang mga produktibong pwersa at pinalalalim ang ekonomyang agraryo, hindi industriyalisado at atrasado. Bumababa ang kakayahan sa produksyon ng pagkain at iba pang kalakal, at lalong sumasalalay sa importasyon, dayong pangungutang at dayong pamumuhunan.

Kapalit ng pautang, ipinatutupad ng rehimeng Marcos ang mga hakbanging kontra-mamamayan at kontra-mahirap alinsunod sa mga patakarang itinakda ng International Monetary Fund, World Bank at iba pang ahensyang imperyalista. Nagsisilbi ang mga hakbanging ito sa interes ng mga dayuhang malalaking bangko at monopolyong kapitalista, at yumuyurak sa saligang mga karapatang panlipunan at pang-ekonomya ng mamamayan.



Pangunahin sa mga patakarang ito ang pagpako sa sahod upang panatilihin ang hukbo ng murang lakas-paggawa para ialok sa mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan. Nariyan din ang pagkakaltas ng pampublikong badyet sa edukasyon, kalusugan at iba pang serbisyong panlipunan. Upang bayaran ang utang ng bansa, lalong pabigat na buwis ang ipinapataw sa masang mga konsyumer, habang kinakaltasan ng buwis at binibigyan ng samutsaring pabuya ang mga dayuhang mamumuhunan.

Lubos ding itinutulak ni Marcos ang liberalisasyon sa importasyon, partikular na sa mga produktong pang-agrikultura, na sa nagdaang mga dekada'y nagbangkarote sa milyun-milyong mamamayan at nagwasak sa lokal na produksyon. Sinasagasa rin ang ibang mga hakbanging nagbigay sa dayuhang mga monopolyong kapitalista at lokal na malaking burgesyang komprador ng kapangyarihang kamkamin ang pinagkukunan ng kita ng ilang milyong mamamayan.

Masidhi ang kawalan ng trabaho kung saan hindi bababa sa 20 milyon ang walang trabaho o pansamantala lamang ang traba-

ho. Milyun-milyong magsasaka, mangingisda, maging mga drayber at opereytor ng dyip, maliliit na negosyante at may maliliit na kita, ang nawawalan ng kabuhayan dahil kinakamkam ito ng mga dayuhan at lokal na malalaking kapitalista.

Pinakamalubha ang kalagayan sa kanayunan kung saan pinahihintulutan ng rehimeng Marcos ang malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at dayuhang kapitalista na kamkamin ang daan-daan libong ektarya ng lupa para sa mga plantasyon at minahan, "green" energy, ekoturismo at iba pang proyektong pang-imprastruktura. Lalo pa itinutulak ng World Bank na gawing "kabenta-benta" at "kabili-bili" ang mga lupaing pang-agrikultura. Daan-daan libong mga magsasaka ang natataboy sa lupa at pinagkakaitan ng iba pang kagamitan sa produksyon at kabuhayan na nagreresulta sa malawakang pagkabangkarote at kahirapan.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, lalong pang naging garapal ang korapsyon sa pinakatuktok ng burukrasya. Sa pamamagitan ng Maharlika Investment Fund, ieembudo ang ₱500 bilyong pondong pampubliko tungo sa pinapaburan ni Marcos na malalaking burgesyang kumprador, kroni at mga tau-tauhan. Ang kakarampot na milyunaryo at bilyunaryong ito'y nabubuhay sa karangyaan habang ang mayorya ng Pilipino'y lublob sa kahirapan at lumalalang kalagayan. Hawak mismo ni Marcos ang ilang bilyong pisong "confidential" at "intelligence" na pondong hindi tinutuos. Gamit ang salapi ng taumbayan, nagliliwaliw siya sa ibang bansa at ginagamit ang Malacañang para sa sunud-sunod na mga piging.

Dapat lumaban ang sambayanang Pilipino para ipagtanggol at bawiin ang kanilang mga karapatang panlipunan at pang-ekonomya at tutulan ang lalong pagbagsak ng pamantayan ng kanilang buhay. Dapat ipaglaban nila ang pagpapababa ng presyo ng langis, pagkain at iba pang saligang pangangailangan at serbisyo; pagtataas ng sahod at sweldo ng mga manggagawa at karaniwang kawani; pagbabasura ng mga pabigat na buwis at bayarin; pagpapababa ng upa sa lupa at presyo ng binhi at iba pang kagamitan sa produksyong pang-agrikultura; pagpawi sa usura; pagpapataas ng bentahan ng mga produktong-bukid; at pangkalahatang pangangalaga at pagpapalawak ng kabuhayan at pagkakakitaan ng masa. Ang mga ito at iba pang kagyat na demokratikong kahingian ay dapat ipaglaban ng malawak na masang manggagawa, magsasaka at iba pang anakpawis upang pigilang lalong sumadsad ang kanilang katayuang panlipunan at pang-ekonomya.

Isinusubo ng rehimeng Marcos ang sambayanang Pilipino sa bunganga ng hayok-sa-tubong mga dayuhang monopolyong kapitalista, lokal na malalaking burgesyang komprador, malalaking panginoong maylupa, at burukratang kapitalista. Ang palubha nang palubhang kalagayan ng sambayanang Pilipino ay nagdidiin sa kakagyatang isulong ang pakikibaka para wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan at ang atrasado, agraryo at hindi industriyal na ekonomya, na nagsasadlak sa malawak na masa sa pamalagiang krisis.

Ang pakikibaka para sa mga karapatang panlipunan at pang-ekonomya ay mahigpit na nakakawing sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya. Layunin nitong isagawa ang tunay na reporma sa lupa upang wakasan ang ilang siglong problema ng kawalan ng lupa na nagkakadena sa mayorya ng sambayanang Pilipino sa atrasado at mapang-aping sistemang pyudal at malapyudal. Layunin din nitong ipatupad ang pambansang industriyalisasyon upang paunlarin ang produktibong pwersa ng bansa, imaksimisa ang likas na yaman at lakas ng taumbayan, iluwal ang buong potensyal na lumikha para sa pangangailangan ng mamamayan.

Sa pamamagitan lamang ng pagkamit ng tunay na kalayaan mula sa kontrol ng mga dayuhan, maitatatag ang isang bansang maunlad, tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan, nakatatayo sa sariling paa at tutungo sa modernong at progresibong sosyalistang kinabuksan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 15 | Agosto 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.
Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman


**Editoryal:** Makibaka at bawiin ang mga karapatang pang-ekonomya at panlipunan 1
Dagdag-presyo/-singil sa bilihin at serbisyo 3
Pulis at sundalo, pinatamaan ng BHB 3
CNL-Negros, naglunsad ng Kongreso 3
SONA: Walang bago sa Pilipinas 4
Amnestiya ni Marcos Jr, basura 5
AFP: Lintang pabundat nang pabundat 6
NLUA: Pagpapalawak ng maibebentang lupa 7
Sa madaling salita 8
203rd IBde, peste sa Mangyan at Mindoreño 9
3 pinatay, 9 iligal na inaresto sa 10 araw 10
Mga Protesta 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Sabayang tumaas: Langis, LPG, pamasahe, *toll fee* at bigas

Sabay-sabay na itinaas ng pribadong mga kumpanya sa yutilidad ang presyo ng batayang mga produkto at serbisyo sa unang mga araw pa lamang ng Agosto. Pinatingkad nito ang kainutilan ng rehimeng Marcos na ibaba ang presyo at singil.




Malinaw na koordinadong itinaas ng mga kumpanya ang presyo ng mga produktong langis noong Agosto 1. Pang-apat na beses na ang pagtaas na ito sa nakaraang apat na linggo. Nagresulta ito sa netong pagtaas ng gasolina ng ₱11 kada litro, ₱3.60 para sa *diesel* at ₱5.45 sa kerosin sa nakaraang pitong buwan. Ayon sa mga tsuper, mangangahulugan ito ng bawas na ₱90 kada araw o ₱2,250 kada buwan sa kanilang kita. Isa pang *big time* na pagtaas ang nakaamba sa Agosto 8 kung saan ₱3.60 ang idagdag sa *diesel* at ₱2.65 ang sa kerosin.

Kasabay ding itinaas ng mga kumpanya ang presyo ng LPG nang hanggang ₱4.55 kada kilo o ₱50.05 kada isang 11-kilong tangke. Binura nito ang mga rolbak na ipinatupad ng mga kumpanya sa nakaraang dalawang buwan.

Sa sumunod na araw, itinaas nang ₱5 ng Department of Transportation ang maksimum na pamasahe sa Light Rail Transit Line 2 (LRT2) mula Recto Station hanggang Antipolo Station, gayundin ang *single journey ticket*. Itinakda ring ₱14 ang minimum na *load* ng *beep card* mula sa dating ₱12.

Sa Agosto 8, magsisimula nang maningil ng *toll fee* ang Metro Pacific Tollways Corporation ng ₱86 hanggang ₱302 kada sasakyan para sa gamit ng North Luzon Expressway (NLEX) Connector Road. Una nang itinaas ng MPTC ang *toll fee* sa NLEX nang ₱19 hanggang ₱100 para sa mga trak at ibang malalaking sasakyan noong Hulyo 15.

Tumaas naman nang ₱1.50-₱2 kada kilo ang presyo ng bigas. Idinahilan ng Department of Agriculture ang pananalasa ng Bagyong Egay, na sumira sa di bababa 137,000 ektaryang mga sakahan at nag-iwan ng pinsalang nagkakahalaga ng mahigt ₱2.9 bilyon.

Posibleng tumaas pa ang dagdag-presyo tungong ₱4 sa susunod na mga buwan dahil sa pagkukumahog ng rehimeng Marcos na mag-angkat ng bigas. Ito ay sa harap ng paghihigpit ng suplay ng India at Vietnam, mga mayor na binibilhan ng Pilipinas. Isinisisi ng mga magsasaka ang tila hindi maiiwasang taas-presyo sa kainutilan ni Marcos na bigyan ng sapat na suporta ang lokal na mga magsasaka. Hindi nito pinalakas ang lokal na produksyon, at sa halip umasa lamang sa importasyon. Nagtaasan din ang presyo ng karamihan sa mga gulay. AB

## Pulis at sundalo, pinatamaan ng BHB-Central Negros

TATLONG OPENSIBANG AKSYON ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros laban sa mga sundalo ng 62nd IB sa nagdaang dalawang linggo.

Isa ang napatay at isa ang nasugatan sa yunit ng 62nd IB na nakahimpil sa detatsment sa Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental matapos paputukan ng mga Pulang mandirigma noong Hulyo 30. Layunin ng aksyon na bulabugin ang operasyong kombat ng mga sundalo.

Simula Hulyo 19 hanggang Hulyo 30, ipinakat ang 200 sundalo sa mga barangay ng Trinidad, Luz at Plagatasanon Proper sa Guihulngan City. Naiulat sa panahong ito ang kanilang iligal na panghahalughog sa mga bahay ng mga residente. Kinampuhan din nila ang Kambairan Elementary School sa Barangay Trinidad.

Nasugatan naman ang isang pulis sa pagpapaputok ng BHB sa detatsment sa Sityo Hinugpayan, Barangay Luz, Guihulngan City noong gabi ng Agosto 2.

Sa isa pang operasyong haras, nasugatan ang isang sundalo ng 62nd IB sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental noong Hulyo 25.

## CNL-Negros, naglunsad ng Kongreso

NAGTIPUN-TIPON ANG MGA rebolusyonaryong pari, pastor, relihiyosong lalaki at babae at mga laykong taong-simbahan sa isla ng Negros kamakailan para idaos ang ikalawang kongreso ng balangay ng Christians for National Liberation sa isla. Binuo ng kongreso ang taktikal na plano ng CNL sa rehiyon at inihalal si Ericson Buglas bilang tagapangulo nito.

Pinagtibay ng Kongreso ang pagkakaisa ng mga delegado para pag-aralan ang pambansa at panrehiyong panlipunang sitwasyon. Tinalakay dito ang naging mga kaisahan at Limang Puntong Programa ng CNL na nabuo sa ika-9 nitong Pambansang Kongreso na idinaos noong Setyembre 2022.

Sona ng Bayan:

# Walang bago sa Pilipinas

Nagprotesta sa iba't ibang syudad sa Pilipinas ang humigit-kumulang 12,000 noong Hulyo 24 para ilahad ang tunay na kalagayan ng sambayanan, kasabay ng ikalawang State of the Nation Address (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr.

Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan, 10,000 ang mga lumahok sa isinagawang kilos-protesta sa Commonwealth Avenue sa Quezon City simula umaga hanggang tanghali. Nagkakaisa nilang sigaw ang: "Dagdag na sahod, kabuhayan, at pagkain sa mesa! Itigil ang karahasan! Kapakanan ng masa, hindi Maharlika!"

Sa protesta, sinunog ang *effigy* na tinawag nilang "Doble Kara" na isang kulay-gintong barya na may dalawahang-mukha ni Marcos Sa isang panig ng barya, ipinakita ang nakangiting mukha ni Marcos na naka-*peace sign* bilang simbolo ng kanyang mga pangako, at sa kabilang panig ang kanyang mukha bilang isang magnanakaw.

Nakiisa sa pagkilos ang delegasyon ng mga progresibong grupo mula sa Southern Tagalong na nagsimulang bumyahe mula sa rehiyon noong Hulyo 21. Bago ang SONA, naglunsad ng protesta ang grupo sa Chinese Embassy sa Makati at sa embahada ng US sa Maynila.

Lumahok din sa pagkilos ang mga grupo mula sa Central Luzon, Cordillera at ibang mga kalapit na rehiyon sa pambansang kabisera.

Kasabay nito, nagtipon ang mga demokratikong grupo sa mga syudad ng Baguio, Naga, Iloilo, Roxas, Cebu, Tacloban, at Davao, at sa Aklan at Capiz sa Panay. Sa Cebu City, higit 600 ang lumahok sa martsa sa Metro Colon.

Nakiisa sa protesta ang mga bilanggong pulitikal sa Metro Manila at isla ng Negros. Mahigit 100 detenidong pulitikal sa isla ng Negros at 29 sa Bicutan sa Metro Manila ang naglunsad ng 24-oras na pag-ayuno para ipanawagan ang pagpapalaya laluna ng matatanda at maysakit na bilanggong pulitikal.

Nagtigil-pasada naman ang mga drayber at opereytor ng dyip para ipabasura ang programang *public utility vehicle* (PUV) *phaseout* ng gubyerno. Sa Bacolod City, tinatayang 700 drayber ng dyip ang lumahok sa tigil-pasada

Nagsagawa naman ng "strike booking" o hindi pagtanggap ng trabahong deliberi ang tinatayang 7,000 drayber at *rider* (mga nagdedeliber na nakamotorsiklo o bisikleta) ng Lalamove. Nilahukan ito ng mga *rider* sa Metro Manila, Batangas, Quezon, Laguna, Cebu, at Davao.

Samantala, nagsagawa ng mga aktibidad at protesta ang mga progresibong organisasyon at migranteng Pilipino sa ibayong dagat. Itinampok ang kalagayan ng mga migrante sa mga isinagawang pagtitipon sa Boston, Oregon, Chicago, San Francisco, Los Angeles, Seattle, New York at Washington D.C. sa US; sa Vancouver, Ottawa, Toronto, Alberta, Winnipeg at Montreal sa Canada; Hong Kong, Japan, South Korea, Thailand, New Zealand at Australia.




**SONAng walang pagbabago**

Walang bago sa islogan na "Bagong Pilipinas" na buladas ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang SONA, reaksyon ng Bayan sa talumpati ni Marcos. Pagtatangka lamang itong tabunan ang malawak na kagutuman, kawalang trabaho, mababang sahod at kahirapan ng malawak na sambayanan.

"Ang Bagong Pilipinas, tulad ng Bagong Lipunan ng diktadurang Marcos, ay nagbubulalas ng grandyosong mga pangako ngunit lubhang kapos sa aktwal na benepisyo para sa taumbayan," pahayag nito.

Pinansin ng mga demokratikong grupo ang pananahimik ni Marocs sa kagyat na mga usapin ng mamamayang Pilipino tulad ng karapatang-tao, makabuluhang dagdag-sahod, paglikha ng trabaho, reklamasyon, pambansang industriyalisasyon at pagtatanggol sa soberanya.

"Habang may mga 'pangako' para sa pagpapaunlad sa agrikultura, wala itong silbi sa harap ng patakaran sa importasyon ng mga produktong agrikultural," ayon sa Bayan.

Binatikos ng mga grupo ang mga kasinungalingan, gayundin ang mga programang itinutulak ni Marcos sa kanyang SONA. Ilan lamang dito ang pagrepaso sa mga tuntunin sa pangisdaan na disbentahe sa maliliit na mangingisda, dagdag bayarin para sa mga migrante at samutsaring mga panukalang buwis na balak nitong ipataw sa hinaharap. AB

# Basura ang alok na amnestiya ni Marcos Jr




Itinakwil ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan ang balak ni Ferdinand Marcos Jr na magdeklara ng amnestiya para sa lahat ng magsusuko ng rebolusyonaryong armadong adhikain ng sambayanang Pilipino. Inianunsyo niya ang planong ito sa kanyang State of the Nation Address noong Hulyo 24.

Nasa unahan ng kahibangang ito ang National Task Force-Elcac na nagsasabing may 30,000 nang mga "sumukong may kaugnayan sa Partido Komunista ng Pilipinas" ang maaaring gawaran ng amnestiya. Ang totoo, kalakhan ng mga "sumuko" na ito ay mga sibilyang sapilitang pinasurender at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso.

"Nananatiling matapat ang mga komunista at rebolusyonaryong mandirigma sa mga mithiin ng mamamayang Pilipino," ayon sa PKP, sa pamamagitan ng upisyal nito sa impormasyon na si Marco Valbuena. Higit na malaki kumpara sa anumang alok na amnestiya ang rebolusyonaryong adhikain. "Kumikilos ang mga rebolusyonaryo hindi para sa makasariling paghahangad ng ganansyang personal, kundi dahil sa buong-pusong katapatang maglingkod at makibaka kasama ang sambayanan."

Ipinakikita ng kasaysayan kung paanong ginamit ng kolonyal, at sa kalauna'y neokolonyal na kontra-rebolusyonaryong estado ang amnestiya bilang inasukalang bala laban sa mga pwersang rebolusyonaryo. Ang kolonyal na gubyerno ay nag-alok ng amnestiya sa tagapagtanggol ng kalayaan na Pilipinong si Macario Sakay noong 1905, ngunit pinatay din sa kalaunan noong 1907. Noong 1946, ang ilang mga lider ng Hukbalahap (Hukbong Mapagpalaya laban sa Hapon) ay nalansi ng amnestiya ni Elpidio Quirino bago sila tuluyang patayain pagkatapos ng ilang buwan.

Matapos maluklok sa poder sa kumbinasyon ng kudetang militar at higanteng kilusang masa, natulak sina Corazon Aquino at Gloria Arroyo na magdeklara ng amnestiya at palayain ang marami-raming bilanggong pulitikal. Ngunit hindi naglaon ay naglunsad ang kanilang rehimen ng brutal na gera ng panunupil na kinatangian ng mga pagpaslang at pagmasaker.

"Pagsasangang-dila ang pagaalok ni Marcos ng amnestiya sa mga susuko, habang halos 800 bilanggong pulitikal ang nasa kulungan, at araw-araw, inaaresto at inuusig ang mga tao dahil sa kanilang paniniwalang pampulitka at paninindigang panlipunan," ayon sa PKP. Sa ilalim ng tinatawag nitong "gera kontra teror," ang mga organisasyong masa kahit saan ay sinusupil at inaatake, gamit ang ekstra-ordinaryong mapanupil na kapangyarihan sa ilalim ng Anti-Terrorism Law.

Ganap na walang katotohanan at malayo sa reyalidad ang pahayag ni Marcos na ang "mga programang para sa kaunlaran at kabuhayan sa komunidad" ay epektibong "nakatutugon sa ugat ng sigalot sa kanayunan."

Ipinagyabang niya ang Barangay Development Program (BDP) at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP), ang mga *farm-to-market road* at ang "New Agrarian Emancipation Act," na pawang nagpapanatili sa batayang mga suliranin ng inhustisyang panlipunan at kahirapan, na nakaugat sa usapin ng kawalan ng lupa.

Ang deklaradong plano ni Marcos na maglabas ng proklamasyong amnestiya ay alinsunod sa tinaguriang "lokalisadong usapang pangkapayapaan" at "kampanyang pagpapasuko" kung saan ang mga komunidad sa kanayunan ay sinasakop ng militar (*hamlet*) at ipinaiilalim sa mga operasyong saywar, intelidyens at kombat ng AFP. Sa nagdaang limang taon, ilampung libong mga sibilyan ang huwad na ipinaradang mga "sumurender" nang hindi kinakasuhan sa korte, taliwas sa kanilang mga karapatang sibil at pampulitika.

Araw-araw pinahihirapan ang masang magsasaka ng lumulubhang mga porma ng pang-aapi at pagsasamantala. Laganap sa kanayunan at walang pakundangan ang pangaabusong militar at pulis, sadyang mga pagpatay, tortyur, labag sa batas na detensyon, sapilitang pagkawala at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao.

"Higit kailanman, kagyat, makatarungan at kinakailangan isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, katuwang ang lahat ng iba pang mga porma ng pakikibaka," ayon pa sa PKP. Si Marcos mismo, bilang negatibong halimbawa, ang nagpapakita sa mamamayan ng pangangailangang mag-armas at tahakin ang landas ng armadong paglaban. AB

# AFP: Lintang pabundat nang pabundat

Dambuhalang ₱170 bilyon ang ilalaan ng rehimeng Marcos sa susunod na taon para sa pensyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at iba pang unipormadong tauhan ng reaksyunaryong estado. Sa gayon, nananatiling buladas lamang ang repormang pensyon na itinutulak nito para ampatin ang "pagdurugo" na idinudulot nito sa pambansang pondo.

Katunayan, balak ng estado na kunin ang ₱120 bilyon mula sa "impok" ng estado sa susunod na taon. Ito ay sa kabila ng malawakang pagtutol sa maanomalyang sistemang ito: kahit wala ni singkong ambag sa pondo, tumatanggap ng napakalaking pensyon ang mga retiradong tauhang militar at pulis. Balak din nito na iinstitusyunalisa ang taunang pagtaas ng sweldo ng mga unipormadong personel nang 3% kada taon sa susunod na 10 taon para "burahin" ang anumang kaltas para sa pensyon.

Ang sistemang pensyon ng AFP ay napakalaking pabigat sa mamamayang Pilipino. Sa nagdaang mga taon, ang pondong nakalaan para rito ay ikalawang pinakamalaking aytem sa pambansang badyet. Lumaki ito nang lumaki matapos doblehin sa ilalim ng gubyernong Duterte ang sweldo ng mga upisyal at tauhan ng AFP para bilhin ang kanilang katapatan. Umaabot sa ₱40,000 kada buwan ang karaniwang natatanggap nilang pensyon na halos sampung ulit na mas malaki kaysa pensyon ng SSS, at halos tatlong ulit kaysa GSIS. (*Tingnan ang artikulong "Pensyon ng AFP, pabigat sa bayan" sa isyu ng Ang Bayan Mayo 21, 2023.*)


Liban sa napakalaking pensyon, kinakain din ng AFP at PNP ang napakalaking bahagi ng pambansang badyet para sa sweldo, iba't ibang pabuya at bayarin sa mga sundalo, at napakalaking gastos sa pagbili ng mga kagamitan. Sa nagdaang mga taon, labis labis na binigyan-layaw ang AFP. Bahagi ito ng papatinding militarismo ng naghaharing estado at tangka ng naghaharing pangkatin na makuha ang katapatan ng mga heneral at tauhan ng AFP.

Sa isinabatas na pambansang badyet para sa 2023, makikita kung papaanong pinapaburan ang AFP, PNP at iba pang unipormadong tauhan, na malayong mas malaki kumpara sa mga ahensyang sibilyan. Sa kabuuan ng alokasyon para sa sweldo at iba't ibang kabayaran para sa mga empleyado ng gubyerno, 30% ay napupunta sa mga tauhang militar.

Bawat kibot ng sundalo at pulis ay may bayad. Mayroon nang "Combat Duty Pay", mayroon pang "Combat Incentive Pay"; mayroong "Hazardous Duty Pay", mayroon pang "Hazard Duty Pay" at "High Risk Duty Pay." Kapag sumakay sa barko, may "Sea Duty Pay"; kapag sumakay ng helikopter o eroplano, may "Flying Pay." Kapag tumalon, may "Parachutist's Pay." Mayroon pang "Instructor's Duty Pay" at "Reservist's Pay." (*Tingnan ang talahayanan.*)

Para sa mga sundalo at pulis (na nagreretiro nang 56 taong gulang), may nakalaang ₱36.427 bilyon para sa "longevity pay", na 43 beses na mas malaki, kaysa badyet na nakalaan sa "longevity" ng lahat ng iba pang mga tauhan ng gubyerno (₱842 milyon).

Tumaas pa ang hininging badyet ng Department of National Defense nang 14.16% tungong ₱232.2 bilyon para sa 2024. Ito ay habang kinaltasan ng 14% ang badyet para sa mga kagawaran ng paggawa at empleyo at para sa mga migranteng manggagawa na nasa ₱40.5 bilyon na lamang. Mas malaki din ito sa ipinagmamayabang ng rehimen na ayuda para sa 18 milyong pamilya na nasa ₱200 bilyon lamang. AB



# NLUA: Pagpapalawak ng maibebentang lupa

Muling itinulak ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang nagdaang State of the Nation Address ang National Land Use Act (NLUA) bilang prayoridad na panukala ng kanyang rehimen. Sa ilalim ng panukalang ito, rerepasuhin ang paggamit ng lupa para diumano sa kumprehensibong pagpapaunlad nito. Kokonsolidahin nito ang klasipikasyon ng mga lupa sa sumusunod: protektadong lupa, mga lupa para sa produksyon, para sa pabahay at para sa imprastruktura. Saklaw nito ang lahat ng kalupaan, katubigan at likas na rekurso ng bansa.

Nakabalangkas ang panukala sa neoliberal na iskema sa lupa na itinutulak ng mga imperyalistang institusyon tulad ng World Bank. Layunin nitong palawakin ang lupang maaaring ibenta o *land market* ng Pilipinas at ibukas ito sa ispekulasyon ng internasyunal na pamilihan. Bibigyan nito ng panibagong bwelo ang malawakang pang-aagaw ng lupa kung saan milyun-milyong magsasaka, manggagawang-bukid, katutubo, mangingisda at iba pang maliliit na prodyuser ang mapapatalsik sa lupa o mawawalan ng kabuhayan.

Hindi bago ang pakanang reklasipikasyon ng lupa sa tabing ng konsolidasyon ng mga patakaran sa paggamit o pamamahala ng lupa. Mula 1994, ilang beses nang tinangkang ilusot ang panukalang ito sa Kongreso. Suportado ito ng malalaking organisasyon ng burgesya, tulad ng Chamber of Real Estate and Builders' Associations, malalaking panginoong maylupa at burukrata.

Hindi pa man naisasabatas ang panukala, hinawan na ni Marcos ang daan para sa mabilis na pagkopo ng lokal na burgesya sa lupang papasok sa pamilihan. Noong Hulyo 3, pinirmahan niya ang Executive Order No. 34 na nagbubukas sa lahat ng "tiwangwang" na pampublikong lupain sa konstruksyon ng mga subdibisyon at sentrong komersyal.

Sa pinakahuling bersyon ng panukala sa Kongreso, gumamit ang mga nagtutulak nito ng palamuting mga salita tulad ng "ridge-to-reef" o "watershed ecosystem management" na kunwa'y nagtatanggol sa kalikasan at lumalaban sa *climate change*. Ito ay para ilusot ang pagpapagamit ng mga sakahan, karagatan at kagubatan sa dayuhang mga kumpanya para sa konstruksyon ng malalaking plantang pang-enerhiya sa tabing ng *renewable energy*.

Palalawakin ng NLUA ang saklaw ng mga iskemang nagpapadulas sa paglilipat ng pagmamay-ari ng lupa. Kabilang sa mga iskemang ito ang paglilinis sa mga indibidwal na titulo sa pamamagitan ng pagpapatawad ng utang ng mga magsasaka at ang pag-iindibidwalisa ng mga kolektibong titulo sa ilalim ng programang SPLIT ng World Bank. Pareho nitong tinatanggal ang balakid sa pagbebenta ng lupang ipinamahagi na para sa mas madaling pang-aagaw ng malalaking lokal at dayuhang negosyante at kanilang mga kasosyong burukrata.



Kabaligtaran ang panukalang NLUA sa repormang agraryo. Nasa kaibuturan nito ang pagpapadali sa kumbersyon ng malalawak na lupang agrikultural para sa samutsaring industriyal at komersyal na gamit. Katunayan, wala itong hiwalay na kategorya para sa agrikultura na magtitiyak ng seguridad sa pagkain ng bansa. Ang tanging kinikilala ng NLUA na "lupang agrikultural" ay yaong kinategorya sa ilalim ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa datos ng estado, mayroong mahigit-kumulang 12 milyong ektaryang lupang itinuturing na agrikultural. Higit pitong milyon lamang nito ang nakapailalim sa CARP. Maraming bahagi nito ang napailalim na sa pagpapalit-gamit. (*Tingnan ang talahanayan.*)

Batid ng mga magsasaka na ginagamit ng gubyerno ang reklasipikasyon ng lupa para padulasin ang pagliligtas o maialis sa klasipikasyong agrikultural ang mga sakahan at taniman at agawin sa kanila ang kanilang mga lupa. Ngayon pa lamang, pinahihirapan na silang makapanatili sa lupa ng mataas na upa at gastos sa produksyon, palugi o napakababa ng presyo ng pagbili sa kanilang mga produkto at kawalan ng suporta mula sa estado. Pinalala pa ang kalagayang ito ng walang sagkang ligal na importasyon at ismagling ng mga produktong agrikultural.

Sa panibagong pagtutulak sa NLUA, umaasa ang rehimeng Marcos na makalikom ng dagdag na kita mula sa ispekulasyon sa lupa at sa mga kontrata at pabor mula sa itatayong mga pabahay, daan at tulay, plantang pang-enerhiya, dam at iba pang proyektong pang-imprastruktura. Umaasa din itong kumamkam ng malaki mula sa ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon at minahan na sasaklaw sa mga lupang ibubukas ng panukala. AB

# SA MADALING SALITA


**94,448 BIKTIMA**

ng **paglabag sa karapatang-tao** sa unang taon ni Ferdinand Marcos Jr sa poder.

*Pinagkunan: Espesyal na Ulat ng Ang Bayan, Hulyo 23, 2023*

**63.67 MILYON**

**di rehistradong SIM Card** ang tinanggalan ng serbisyong telekomunikasyon noong Hulyo 27 matapos ang dedlayn sa pwersahang pagpaparehistro ng mga ito.



**₱30B**

**nawalang kita ng gubyerno** dahil sa di pagsingil ng buwis sa pinakamalalaking kumpanya bilang "insentiba" sa ilalim ng batas na **CREATE**.

## HINIHINGING BADYET NI MARCOS JR PARA SA 2024:

**₱1.9B**

pambyahe sa labas ng bansa

**₱4.56B**

*confidential* at *intelligence funds*

**70 TAON**

pagtatanggol ng pambansang soberanya at pandaigdigang kapayapaan ng mamamayang Korean at ng **Democratic People's Republic of Korea** ang ginunita noong Hulyo 27, araw ng tagumpay ng **Dakilang Digmaang para sa Paglaya ng Bayan** na gumapi sa imperyalistang gera ng US sa peninsula ng Korea. Pinirmahan noon ang 1953 Armistice Agreement na nagwakas sa gera at nagtatag sa Korean Demilitarized Zone.

**12,000**

pa lamang sa daan-libong **biktima ng pambobomba** ng AFP sa **Marawi City** noong 2017 ang **nakapagpalista para makatanggap ng bayad-pinsala**.



Sa mga ito, **2,283** pa lamang ang sinabing may kumpletong papeles.

**10.6%**

**itinaas ng utang ng bansa mula ₱12.791 trilyon noong Hunyo 2022 tungong ₱14.1 trilyon ngayong Hunyo 2023**

Ang halagang ito'y 96.72% na sa tantyang uutangin ng bansa para sa buong taon.


**82**

**indibidwal na ang arbitraryo at kakatwang itinalaga ng Anti-Terrorism Council bilang mga "terorista."**

Pinakahuling idinagdag ang 13 kinasuhan ng pagpatay sa isang pulitiko sa Negros Oriental kabilang ang isang puganteng kongresista.

# 203rd IBde, peste sa Mangyan at mamamayang Mindoreño

Sukdulan ang pagiging peste sa buhay at kabuhayan ng katutubong Mangyan at mamamayang Mindoreño ang 203rd IBde. Mahaba ang listahan ng paglabag ng brigadang ito sa karapatang-tao at paghahasik ng teror mula nang mapadpad ito sa isla. Nagsilbi itong protektor ng mga dayuhang kumpanya at malalaking lokal na kumprador na nagdadambong sa lupang ninuno ng mga Mangyan at nangwawasak sa kalikasan.




Sa tala ng Ang Bayan sa espesyal na ulat nito kaugnay sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa unang taon ng rehimeng Marcos Jr, dalawa ang ekstrahudisyal na pinaslang at siyam ang biktima ng mga kasong pang-aaresto, pagdukot at pagbabanta, panggigipit at intimidasyon. Kabilang dito  ang kaso ng dalawang aktibistang katutubo na sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado na dinukot ng mga sundalo noong Abril 26 sa Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro.

Sa buong bansa, panlima ang isla sa may pinakamaraming kaso ng abusong militar. Sa datos ng National Democratic Front-Mindoro, hindi bababa sa 55,000 sibilyan ang nabiktima ng hibang na kampanyang supresyon at panunupil mula nang maupo si Marcos sa poder.

Tuluy-tuloy ang mga operasyong kombat ng brigada, kasabwat ang Regional Task Force-Elcac ng MIMAROPA mula pa panahon ng rehimeng Duterte. Higit 126,000 mamamayan ang pininsala nito kabilang ang 40,348 biktima mula sa 15 komunidad na nilukuban ng mga “operasyong pang-komunidad."

Pinakahuling biktima ng brigada si Pedro Ambad, isang Hanunuo-Mangyan, na dinukot sa Sityo Kilapnit, Mansalay, Oriental Mindoro noong Hulyo 13. Binugbog at ininteroga siya ng mga sundalo ng 4th IB at pilit na pinatuturo kung saan ang itinago umano ang “armas ng BHB.” Pinakawalan siya matapos ang 12 oras. Nabali ang kanyang tadyang dahil sa tindi ng pambugbog. Makalipas ang ilang araw ay pinasok naman ng mga sundalo ang bahay ng kanyang kapatid na si Admiraw Ambad ngunit hindi nila ito naabutan. Dahil sa panggigipit, napilitang lumikas ang limang pamilya sa kanilang komunidad, iwan ang kanilang kabuhayan at itigil ang pag-aaral ng mga bata.

Liban dito, hinuli noong Mayo 23 ng mga pwersa ng 68th IB ang apat na katutubong Buhid sa isang tsekpoynt sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Sapilitan silang dinala sa kampo militar kung saan ipinailalim sila sa interogasyon at tortyur. Kinabukasan, isinama sila sa operasyong kombat para “maghanap ng mga myembro ng BHB” pero sa aktwal ay nambugbog at nanghuli ng mga sibilyan, kabilang ang isa pang katutubong Buhid.

Ang paninibasib ng 203rd IBde laban sa mga sibilyan ay bahagi ng pagtatanggol nito sa mga proyektong pang-imprastruktura na sumisira sa kabuhayan ng mga Mindoreño. Kabilang dito ang mga kumpanya sa pagmimina ng bato (armour) na sangkap ng semento na pinahintulutang mag-opereyt sa isla. Isa pang proyekto ang pagtatanim ng mga komersyal na puno sa mga kaingin ng mga katutubo.

Ginagamit ng brigada, kakuntsaba ang lokal na gubyerno, ang proyektong Tamaraw Reservation and Expansion Project (TREP) para palayasin ang mga katutubo sa kanilang lupang ninuno sa Rizal, sa tabing ng pangangalaga sa mga tamaraw. Ang tamaraw ay isang uri ng kalabaw na orihinal sa Pilipinas at pinangangambahan nang maubos.

**Ano ang 203rd IBde?**

Taong 2001 nang binuo ang 203rd IBde sa ilalim ng 2nd ID na diumanoy nag-espesyalisa sa "jungle warfare" o pakikidigma sa gubat. Primaryang pwersang pang-kombat nito ang 68th IB at 76th IB.

Nakahimpil ang brigada sa hedkwarters nito sa Barangay Pag-asa, Bansud, Oriental Mindoro. Saklaw ng operasyon nito ang dalawang prubinsya sa isla ng Mindoro.

Ang brigada ay kasalukuyang pinamumunuan ni Brig. Gen. Randolph Cabangbang na itinalaga sa pusisyon noong Abril. Nagsilbi si Cabangbang bilang kumander ng Presidential Security Group ng rehimeng Duterte. Naging hepe din siya ng 2nd ID at pangalawang kumander ng Task Force Davao. Myembro si Cabangbang sa Philippine Military Academy "Sambisig" Class of 1991. AB

# 3 pinatay, 9 iligal na inaresto sa 10 araw

Magkakasunod ang mga pagpatay at pang-aaresto nitong nagdaang dalawang linggo, laluna sa isla ng Negros.

Sadyang pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB si Marvic Ebarle at Romy Catasio sa Balunggay, Barangay Montilla, Moises Padilla, Negros Occidental noong Hulyo 20. Pinagbabaril sila habang nag-aabang ng masasakyan. Si Ebarle ay sugatang Pulang mandirigma na nagpapagaling sa bahay ni Catasio sa Inarawis, Barangay Quintin Remo.

Sa Quezon, pinatay ng mga pulis si Isagani Isita at pinalalabas na "nanlaban" habang hinahainan ng mandamyento de aresto noong Hulyo 30 sa Sariaya. Dating lider-masa si Isita sa Batangas na nagpasyang sumapi sa hukbong bayan matapos kumaharap sa kabi-kabilang panggigipit mula sa estado.

**Pag-aresto at detensyon.** Walong magsasaka ang iligal na inaresto ng 15th IB sa Tugas, Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental noong Hulyo 29. Idinadawit sila sa armadong opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Ilog noong Enero 28.

Bago ang insidente, idinetine din ng 15th IB nang ilang oras ang magkapatid na sina Jemson at Gaujel Villar sa Camboguiot, Barangay Camindangan, Sipalay City, noong Hulyo 22. Pinakawalan lamang sila matapos igiit ng kani-kanilang mga asawa ang kanilang paglaya.

Inaresto at ikinulong naman ng pulis si Lodorico But-ay, 68, ng Cunalom, Barangay Carabalan, Himamaylan City noong Hulyo 28. Pilalabas ng militar na kumander ng milisyang bayan si But-ay at sinampahan ng gawa-gawang kasong panggagahasa. Kasapi siya ng Farmers Association of Barangay Carabalan.

**Pambobomba.** Kinanyon ng 62nd IB ang magkakalapit na komunidad ng Barangay Villegas, Guihulngan City, Negros Oriental alas-5 ng umaga noong Agosto 5. Liban dito, ginamitan ng mga pulis ng *grenade launcher* ang Barangay Magsaysay noong Agosto 3.

**Pamamaril.** Pinaulanan ng bala ng 31st IB ang bahay ni Erwin Vista, kapitan ng Barangay Alin, Donsol, Sorsogon noong Agosto 4. Ganti ito ng mga sundalo matapos magreklamo si Vista sa pagkakampo ng mga sundalo, pagkakalat ng basura at pag-iwan ng dumi sa banyo ng *evacuation center* ng barangay.

**Pagpapasurender.** Ipinarada ng mga pulis si Tonying Sulano, isang magsasakang sa Barangay Nagbagang, Santa Catalina, Negros Oriental, bilang diumano'y "sumurender" noong Hulyo 30. Ilang taon nang paulit-ulit na ginigipit ng pulis at militar ang pamilyang Sulano.

**Panggigipit.** Sa Batangas, perwisyo ang dala ng operasyong kombat ng 59th IB sa Barangay Putol, Tuy simula Agosto 3. Nagbababahay-bahay at hinahanap ng mga sundalo sa komunidad si Jaysie Balugna, kilalang lider-masa ng Tuy.

Sa Negros Occidental, niransak ng mga sundalo ng 79th IB ang mga bahay ng mga magtutubo sa Barangay Tamlang at Barangay Malasibog sa Escalante City noong Hulyo 18. Dinahas naman ng 94th IB sina Betmar Pacheco at kanyang buntis na asawa noong Hulyo 9 sa Amaga, Barangay Buenavista, Himamaylan City.

**Gawa-gawang kaso.** Limang gawa-gawang kasong ang isinampa ng 59th IB laban kay Hailey Pecayo, tagapagsalita ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan, kaugnay ng paglabag diuamno sa Anti-Terrorism Law. Aktibo si Pecayo sa paglantad sa papel ng 59th IB sa pagpatay sa 9-taon Kylene Casao noong Hulyo 18, 2022. AB

**Presyo ng langis, ibaba!** Nagprotesta ang mga manggagawa at tsuper sa Quezon City noong Hulyo 31 at Agosto 1 upang tutulan ang "bigtime" na pagtaas nito na aabot sa P 3.50 kada litro simula Agosto 1. Panawagan rin nilang ibasura ng rehimen ang deregulasyon sa industriya ng langis na nagdudulot ng kutsabahan ng mga kumpanya ng langis sa pagtataas ng presyo.

**Manggagawang pangkalusugan, gawing regular.** Nagsagawa ng "Friday Protest" ang mga manggagawang pangkalusugan ng unyong All UP Workers Union-Manila/Philippine General Hospital (PGH) sa harap ng PGH noong Hulyo 28 para tutulan ang itinuturing nilang pribatisasyon ng ospital na idinadaan sa pag-empleyo ng mga kontraktwal na manggagawa. Ito ay pang-apat na beses na nilang paglulunsad ng protesta kada biyernes para tutulan ang kontraktwalisasyon at sa halip ay punan na lamang ang mga bakanteng regular na posisyon para maresolba ang labis na kakulangan sa mga tauhan.

**Laban sa TOFI.** Nagtipon ang higit 100 estudyante ng University of the East sa ilalim ng Rise for Education sa harap mismo ng kanilang kampus sa Maynila noong Hulyo 21 upang tutulan ang nakaambang 9.5% na pagtaas sa kanilang matrikula sa taong 2023-2024.

**Pamilyang de la Cerna, laya na.** Nakalaya nooong Hulyo 28 ang pamilyang de la Cerna nang magpyansa matapos ang lampas tatlong taong di makatarungang detensyon. Nakalabas sa kulungan sina Karina de la Cerna, at ang kanyang mga magulang na Albert at Ma. Pilar Dela Cerna, na pawang mga organisador ng magsasaka at manggagawang bukid sa Negros.